Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD MALAYBALAY
Purok 6,Casisang, Malaybalay

MEMORANDUM PANSANGAY

PARA SA: Tagamasid sa Filipino,Tagamasid Pampook,Distrik Filipino Koordineytor o Pandistritong Tagapangulo/Tagapag-ugnay ng Filipino, Kaguruan sa Filipino na nagtuturo ng asignaturang wikang panturo ay Filipino sa Antas Elementarya, Sekondarya sa Publiko at Pribadong mga Paaralan
Sangay ng Lungsod Malaybalay

323
ped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: JUN 0 3 2015 Time: 8:45
By:

BUHAT KAY: EDILBERTO L.OPLENARIA, CESO VI
Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA: PAGSASAGAWA NG SEMINAR WORKSYAP SA ORTOGRAPIYANG FILIPINO

PETSA : Hunyo 2, 2015

Kalakip nito ang Adbaysori hinggil sa pagsasagawa ng Seminar Worksyap sa **Bukidnon State University Auditorium Malaybalay** sa darating na Hunyo 18 – 20, 2015, mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon.

May rehistrasyon na isang libong Piso (Php 1 000.00) na gugulin para sa panaghalian, meryenda, manwal ng KWF sa ortograpiya at iba pang mga gastusin.

Interesadong kalahok ay susulat intensiyon adres sa Tagapamanihala ng mga Paaralan atensyon Maria Concepcion S. Reyes, EPS Filipino.

Ang lahat ng mga kabatiran at impormasyon ng seminar worksyap ay napapaloob sa nakalakip na sulat at Dep Ed Advisory No. 389, s.2014 at para sa karagdagang impormasyon at mga katanungan mangyari pong tumawag o makipag –ugnayan kay Dr. Rodello D.Pepito sa numerong 0905-649-577.

Daglian at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region X – NORTHERN MINDANAO
Fr. Masterson's Avenue, Zone 1
Upper Balulang, Cagayan de Oro City

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

DepED - 5
Cagayan de Oro City
APR 3 2015
1121
RELEASED

ADBAYSORI

PARA SA: **TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN SANGAY NG VALENCIA, MALAYBALAY, BUKIDNON AT SANGAY SA MGA KARATIG NA PROBINSYA**

BUHAT KAY: **ATTY. SHIRLEY O. CHATTO**
Chief Administrative Officer
Officer-In-Charge
Office of the Regional Director

PAKSA: **PAGSASAGAWA NG SEMINAR WORKSYAP SA ORTOGRAPIYANG FILIPINO**

PETSA: **IKA-6 NG ABRIL, 2015**

Kalakip ang sulat ni **Dr. Rodello D. Pepito**, Director, Sentro sa Wika at Kultura (SWK-X), Tagapag-ugnay ng Seminar, Pamantasan ng Bukidnon na bigyang pahintulot na makapagsagawa ng seminar- worksyap sa kanilang pamantasan na pinamagatang **Sulong: Dangal ng Wikang Filipino 2014 Palihan sa Ortograpiyang Filipino at KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat** na gaganapin ngayong darating na Hunyo 18-20, 2015 mula 8:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon .

Kaugnay nito pinapahintulutan ang mga punongguro, tagapangulo o tagapag-ugnay ng Filipino, mga guro sa Filipino at mga gurong nagtuturo ng asignaturang ang wikang panturo ay Filipino mula sa elementarya, sekundarya at tersyarya na kapawa mula sa mga publiko at pribadong paaralan at tanggapan sa mga karatig na sangay ng Malaybalay , Valencia , Bukidnon at mga kalapit na probinsiya na nagnanais dadalo sa naturang seminar work-syap ay tatanggapin nang buong puso. Napapaloob din nito ang palatuntunan at lahat ng mga mahahalagang dokomento kaugnay sa gawain.

Ang rehistrasyon ay Isang Libong Piso (1,000) na gugulin para sa pagkain, manwal ng KWF sa ortograpiya at iba pang mga gastusin.

Inaasahan ang malawakan at dagliang pagpapalaganap ng nitong Adbaysori sa mga kinauukulan.

Cc: Dr. Rodello D. Pepito
Director Sentro sa Wika at Kultura (SWK-X)
Tagapag-ugnay ng Seminar, Pamantasan ng BuKidnon

Dalubhasaang Pampamahalaan ng Bukidnon
Kolehiyo ng mga Sining at Agham
Departamento ng mga Wika at Panulat
Lungsod ng Malaybalay

Marso 19, 2015

ATTY. SHIRLEY O. CHATTO
Chief Administrative Officer
Officer-In-Charge, Office of the Regional Director
Department of Education
Region X

Sa pamamagitan ni:

G. ELESIO MARIBAO
Education Program Supervisor II
Tagamasid Pansangay sa Filipino
Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon X

Kagalang-galang na **Atty. Chatto**:

Magandang araw po sa inyo!

Malugod po naming ipinababatid sa inyong tanggapan na ang Departamaneto ng mga Wika at Panulat at ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pakikipagtulungan ng Sentro sa Wika at Kultura (SWK-X) ng Pamantasang Pampamahalaan ng Bukidnon ay magsasagawa ng isang pambansang seminar-worksyap na pinamagatang **Sulong: Dangal ng Wikang Filipino 2014-Palihan sa Ortograpiyang Filipino at KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat** na gaganapin ngayong darating na Hunyo 18-20, 2015, mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon sa Bukidnon State University Auditorium.

Kaugnay po nito, magalang po naming hinihingi ang iyong pagbibigay-pahintulot na makapagsagawa ng seminar-worksyap dito sa ating rehiyon lalong-lalo na probinsya ng Bukidnon at ng karatig na mga probinsya upang higit pang mapalawak ang kamalayan sa Ortograpiyang Filipino. Inaasahang dadalo sa seminar-worksyap na ito ang mga punongguro; tagapangulo o tagapag-ugnay ng Filipino, mga guro sa Filipino; at mga gurong nagtuturo ng asignaturang ang wikang panturo ay Filipino mula sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya na kapwa mula sa mga publiko at pribadong tanggapan.

Ang rehistrasyon po ay isang libong piso (Php 1,000) na gugulin para sa pananghalian, meryenda, manwal ng KWF sa ortograpiya at iba pang mga gastusin.

Para sa inyong karagdagang impormasyon at mga katanungan, mangyari pong tumawag sa tanggapan ng aming pangulo sa telepono blg. (088) 221-2237 o makipag-ugnayan kina Dr. Rodello D. Pepito sa numerong 0905-649-5777 at Gng. Rhea S. Taboada sa numerong 0927-240-6473. Gayundin po, para po sa ibang detalye ng naturang gawain ay pwede pong tawagan/i-text si Bb. Kriscell Largo Labor ng KWF sa selpon blg. 0917-614-6435

Maraming salamat po at inaasahan po namin ang inyong positibong pagtugon sa liham na ito.

Lubos na gumagalang,

Dr. Rodello D. Pepito
Direktor, Sentro sa Wika at Kultura (SWK-X)
Tagapag-ugnay ng Seminar, Bukidnon State University

DepEd Advisory No. 389, s. 2014
October 10, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

SULONG: DANGAL NG FILIPINO 2014 SEMINAR-WORKSYAP

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), Filipinas Institute of Translation (FIT), Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA), at iba pang organisasyong pangwika at pangkultura, ahensiya ng pamahalaan at ahensiyang panlalawigan ay magdaraos ng seminar-worksyap na may pamagat na *Sulong: Dangal ng Filipino 2014* sa iba't ibang rehiyon sa bansa.

Layunin ng seminar-worksyap na ito ang mga sumusunod:

1. bigyan ng de-kalidad na seminar-worksyap ang mga guro sa Filipino ukol sa wika, panitikan, at kulturang Filipino sa pamamagitan ng mga paksang *Ortograpiyang Pambansa, KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat, Sagisag Kultura ng Filipinas,* at *Pambansang Edukasyong Pampanitikan.* Kalakip ang tentatibong Programa; at
2. maihanda sila para sa pagtuturo ng wika, kultura, at panitikang Filipino kaugnay ng mga repormang pang-edukasyon dulot ng Programa ng K to 12.

Ang mga guro sa Filipino sa mga pampubliko at pampribadong paaralan at mga mananaliksik ay imbitadong dumalo sa aktibidad na ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag kay:

Bb. Kriscell Largo Labor
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2F Gusali Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
Malacañang, San Miguel, Manila
Telepono Blg.: (02) 733-7260; (02) 516-0326
Mobile Phone Blg.: 0917-614-6435
Email Address: tantiyado@gmail.com; komfil.gov@gmail.com
Website Address: www.kwf.gov.ph

Alma/DA Sulong Dangal
0682-October 3, 2014

194-2

Republic of the Philippines
Department of Education

06 FEB 2015

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 9 , s. 2015

SEMINAR SA PAGSULAT NG KORESPONDENSYA OPISYAL, ORTOGRAPIYANG PAMBANSA AT MABISANG PAGPAPAHAYAG

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Para sa kaalaman at patnubay ng lahat ng kinauukulan, kalakip ay ang Patalastas Blg. 7, s. 2014 mula sa Komisyon ng Serbisyo Sibil na may pamagat na *Implementasyon ng E.O. Blg. 335 (Enjoining all Departments/Bureaus/Offices/ Agencies/Instrumentalities of the Government to Take Such Steps as are Necessary for the Purpose of Using Filipino Language in Official Transactions, Communications and Correspondence) ng Komisyon sa Wikang Filipino.* Kaugnay nito, ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng **Seminar sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal, Ortograpiyang Pambansa, at Masinop na Pagsulat** mula Enero hanggang Hunyo 2015.

2. Layunin ng Seminar na ito na matiyak ang mahusay at dekalidad na paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng kagawaran, opisina, kawanihan, ahensiya, at instrumentaliti ng pamahalaan.

3. Ang mga opisyal, guro, kawani at iba pang kinatawan sa pampublikong paaralan ay maaaring dumalo sa **opisyal na oras lamang**.

4. Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan o tumawag kay **G. Jomar I. Cañega** o **Bb. Pinky Jane S. Tenmatay** sa telepono blg.: (02) 736-3835; (02) 736-2525 lokal 105 o sa mga email adres na ito: jinocanega@gmail.com; tenmataypinkyjane@rocketmail.com.

5. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: W a l a
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod:

CORRESPONDENCE	Learning Area, FILIPINO	SEMINAR
EMPLOYEES	OFFICIALS	TEACHERS

Madel: Seminar sa Korespondensiya Opisyal
0815-December 20, 2014/1-6-15

(Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 9, s. 2015)

Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION

Patolastas Blang. _____, s. 2014

PATAI ASTAS

SA : **LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSITA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

PAKSA : **Implementasyon ng E.O. Blg. 335 ng Komisyon sa Wikang Filipino**

Ayon sa Batas Republika Blg. 7104, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay inatasang magsagawa, mag-ugnay, at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika ng kapuluan.

Kaugnay nito, malugod na hinahangad ng KWF na bukurin ang mga ahensya ng pamahalaan upang tupdin ang tadhana ng Executive Order 335 na nilagdaan ni dating pangulong Corazon C. Aquino noong 25 Agosto 1988 na pormal na nagaatas sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya.

Dahil dito, nais ipabatid ng KWF na ang kanilang tanggapan ay nakahandang magkaloob ng pagsasanay sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal, Ortograpiyang Pambansa, Pagsasalin, at Mabisang Pagpapahayag tungo sa mahusay at de kalidad na paggamit ng Wikang Filipino sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentaliti ng pamahalaan.

Ang lahat ng kinauukulang kawani ng gobyerno ay hinihikayat na dumalo sa nasabing pagsasanay. Ang pagdalo ng mga kinatawan sa opisyal na oras ay nasa pagpapasiya na ng tagapangulo ng ahensiya, alinsunod sa Komisyon ng Serbisyo Sibil Memorandum Circular blg. 43, s. 1998.

Para sa karagdagang detalye at/o iba pang katanungan kaugnay ng proyektong ito, maaaring makipag-ugnayan kay G. Jomar I. Cañega o Pinky Jane S. Tanmatay sa numero blg. (02) 736-3835/736-2525 o sa jinocañega@gmail.com at tanmatay.pinkyjane@rocketmail.com.

FRANCISCO T. DUQUE III, MD, MSc
Tagapangulo

5/30/2014